




## Sa kabuuan:


# 6 KEY POLICY RATE% .25

Nagpasya ang BSP na panatilihin ang key policy interest rate sa 6.25 percent. Ayon sa BSP, napapanahon ang pansamantalang pagpapanatili ng kasalukuyang interest rate. Batay ito sa nakitang pagbaba ng inflation at ng mga inflation forecast ng BSP.




Ayon sa pinakahuling pagtataya o estimate ng BSP, ang average inflation ay maaaring umabot sa 5.5 percent ngayong taon. Ito ay mas mababa sa nakaraang estimate na 6.0 percent.

Sa 2024, inaasahang bababa ang average inflation sa 2.8 percent, malapit sa gitna ng target range na 2.0 to 4.0 percent.



Gayunpaman, may mga bagay na maaaring maging sanhi ng paglagpas ng inflation sa mga estimate para sa mga taong 2023 at 2024.

Kabilang dito ang kakulangan sa supply ng ilang pangunahing pagkain, ang posibleng epekto ng El Niño sa presyo ng pagkain at kuryente, at ang epekto ng posibleng karagdagang pagtaas ng pamasaha at pasahod.



Ayon sa resulta ng BSP survey ng mga private economists ngayong Mayo, inaasahan nilang aabot ang inflation sa 5.8 percent ngayong taon, 3.6 percent sa 2024, at 3.5 percent sa 2025.



Lumago ang ating ekonomiya ng 6.4 percent noong Q1 2023, pasok sa target ng gobyerno na 6.0 to 7.0 percent para sa taong ito. Inaasahan namang magiging mas mabagal ang paglago ng ekonomiya sa 2024 kumpara sa target na 6.5 to 8.0 percent.



Masusi pa ring nakasubaybay ang BSP sa inflation at paglago ng ekonomiya. Nakahanda itong magsagawa ng anumang mga karagdagang hakbang upang maibalik ang inflation sa target range ng gobyerno na 2-4 percent.

## Nagdesisyon ang BSP na panatilihin ang key policy interest rate sa 6.25 percent.


# 6 KEY POLICY RATE% .25

Nagdesisyon ang Monetary Board ng BSP noong 18 May 2023 na panatilihin ang key policy interest rate sa 6.25 percent. Napapanahon ang pansamantalang paghinto sa pagtataas ng interest rate. Batay ito sa nakitang pagbaba ng inflation, o ang bilis ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihan, at sa mas mababang pagtataya ng inflation mula sa BSP.

Sa pagpapanatili ng kasalukuyang policy rate, inaasahang mahihikayat ang mga bangko na ihinto rin ang pagtaas ng interest rates sa kanilang mga pautang.




## Inaasahang tuluyang babalik sa target range na 2-4 percent ang inflation kung hindi magkakaroon ng karagdagang supply-side shocks.



Ayon sa pinakahuling pagtataya ng BSP, ang average inflation ay maaaring umabot sa 5.5 percent ngayong taon. Ito ay mas mababa sa naunang forecast na 6.0 percent.

Samantala, inaasahang bababa sa 2.8 percent ang average inflation sa 2024, pasok sa target na 2.0 to 4.0 percent. Dulot ito ng pagbaba ng pandaigdigang presyo ng langis at iba pang produktong inaangkat, kasama na rin ang tinatawag na “base effects” (ang mataas na presyo sa kasalukuyang taon ay kadalasan ngunit di palaging magdudulot ng mababang inflation rate sa kasunod na taon).


## Maaari pa ring tumaas ang inflation sa 2023 at 2024 kaya nananatiling handa ang BSP sa pagpapatupad ng naaayong monetary action.



Ang kakulangan sa supply ng ilang pangunahing pagkain, posibleng epekto ng El Niño sa presyo ng pagkain at kuryente, at epekto ng posibleng karagdagang pagtaas ng pamasaha at pasahod ay maaaring maging sanhi ng mas mataas na inflation rates kaysa sa forecasts para sa 2023 at 2024.

Sa kabilang banda, ang matamlay na pagbangon ng pandaigdigang ekonomiya ay maaaring magdulot ng mas mababang inflation rate kaysa sa forecasts para sa 2023 at 2024.

## Nananatiling pasok sa target range ang ‘inflation expectations’ ng mga ekonomista para sa 2024 at 2025.



Ayon sa resulta ng BSP survey ng mga private economist ngayong Mayo, inaasahan nilang aabot ang inflation sa 5.8 percent ngayong taon. Ito ay mas mababa kaysa sa 6.0 percent forecast na naitala noong nakaraang buwan. Inaasahan ng mga ekonomistang lumahok sa survey na ang inflation ngayong taon ay mananatiling mas mataas kaysa sa target range ng gobyerno dahil sa supply shocks.

Sa kabilang banda, hindi naman nagbago ang kanilang estimate sa inflation rate na 3.6 percent para sa 2024 at 3.5 percent para sa 2025.





## **Mananatiling masigla ang ekonomiya ngayong 2023 at maaaring mas mabagal ang paglagonito sa 2024.**



Lumago ang ating ekonomiya nang 6.4 percent noong Q1 2023. Ito ay pasok sa gross domestic product (GDP) growth target ng gobyerno na 6.0 to 7.0 percent.

Sa demand side, tumaas ang government spending nang 6.2 percent at ang investments nang 12.2 percent. Naging banayad naman ang pagtaas ng household consumption sa 6.3 percent.

Sa supply side, lumago ang industry (3.9 percent), services (8.4 percent), at agriculture (2.2 percent) sectors.

Tinatayang magiging mas mabagal kaysa sa target range ng gobyerno na 6.5 to 8.0 percent ang paglago ng ekonomiya sa 2024. Ito ay dahil sa matamlay na paglago ng pandaigdigang ekonomiya at epekto ng kabuuang pagtaas ng policy rate ng BSP mula pa noong Mayo 2022.

## **Patuloy na binabantayan ng BSP ang mga kaganapang maaaring makaapekto sa inflation at paglago ng ekonomiya.**



Ipagpapatuloy ng BSP ang pagbabantay sa mga price pressure na maaaring makaapekto sa inflation at paglago ng ekonomiya. Nakahanda ang BSP na tumugon sa anumang banta sa inflation, ayon sa mandato nitong panatilihin ang price stability sa bansa.

## **Mananatili ang key policy interest rate sa 6.25%.**

### **Ibig sabihin...**



Inaasahang ihihinto rin kinalaunan ng mga bangko ang pagtataas nito sa interest rate sa kanilang mga pautang. Napapanahon ang pagpapanatili ng policy rate dahil sa pagbuti ng inflation forecasts ngayong taon at sa susunod na dalawang taon.

Itinaas ng BSP ang policy rate noong mga nagdaang buwan upang mapigilan ang patuloy na pagtaas ng inflation. Nakatutulong ang mas mataas na interest rates sa pagpapababa ng demand para sa mga bilihin at serbisyo.

[https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport\\_Full\\_May2023.aspx](https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport_Full_May2023.aspx)

